REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DEPARTMENT OF EDUCATION

*Office of the Secretary*

Direct Line: 633-7261 to 70
DETxt : 0919-4560027
E-mail: osec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

SEP 17 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 362, s. 2003

PANREHIYONG SENTRO NG KAHUSAYAN SA FILIPINO (PASKAF)
SA LEVEL SEKONDARI

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ay patuloy sa pagsasagawa ng mga programang magpapayaman sa kurikulum ng Filipino upang ito ay patuloy na tumugon sa kahingian ng pinaiiral na 2002 Basic Education Curriculum bilang isang larangan. Isa sa mga programa ay ang pagkakaroon ng tiyakang pakikipag-ugnayan sa mga rehiyon, divisyon at paaralan upang magkaroon ng kasiguruhan sa pagtatamo ng kahusayan sa larangang Filipino.

2. Upang matamo ang malapitang pakikipag-ugnayan na ang layon ay makita ang kahusayan, hinihilingan ang bawat rehiyon na pumili ng isang divisyon na ituturing na Panrehiyong Sentro ng Kahusayan sa Filipino (PASKAF) sa Level Sekondari.

3. Sa proseso ng pamimili, ang divisyong nararapat ituring na PASKAF ay yaong:

a. nagtataglay nang mataas na antas ng kahusayan sa larangang Filipino na pinatutunayan ng taglay na kahusayan ng mga mag-aaral;

b. nagtataglay nang mataas na antas ng kahusayan sa larangang Filipino na pinatutunayan ng taglay na kahusayan ng mga guro (may sapat na kahandaang akademik, at may sapat na kakayahan sa pagtuturo);

c. nakapagpakita na ng liderato sa rehiyon sa larangang Filipino na pinatutunayan ng pagiging aktibo nito sa pagsasagawa ng mga pasanayan, seminar, at mga worksyap na nagpataas ng level ng kahusayan ng mga guro at mga mag-aaral;

d. nagtataglay ng isang konkretong programang pangwika na naglalayong mapatatag at mapayaman ang kurikulum ng Filipino; at

e. may nasasakupang mga paaralang mayroong mayamang gamiting sentro ng karunungan (functional learning center) sa larangang Filipino.

4. Ang mapiling mga panrehiyong sentro ang magiging kabalikat ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari sa pagpapalaganap ng lahat ng programang magpapayaman ng kurikulum ng Filipino sa bawat rehiyon. Dahil dito, hinihiling ang malapitang pag-uugnayan ng Pandivisyong Supervisor ng Filipino at ng mga kawani ng Kawanihan na namamahala sa larangang Filipino.

5. Ang opisyal na paghahain ng napiling panrehiyong sentro ay nararapat ipadala sa tanggapan ni Dr. Lolita M. Andrada, Direktor III, OIC, BSE, 3rd Flr., Bonifacio Building, DepED Complex, Pasig City, tawag-pansin kay G. Arturo S. Cabuhat, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum. Hinihiling po na matanggap ang nasabing kalatas bago o sa Oktubre 30, 2003.

6. Hinihiling and dagliang pagpaparating sa mga kinauukulan ng mga impormasyong nakapaloob sa Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sanggunian : W a l a
Pamumudmod: I--( D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, Filipino
SEARCH
SECONDARY EDUCATION

Lilian:dm-PANREHIYONG
Sept.15,2003madefile
Sept. 16, 2003-final